# Kampanya ni Mayor Joy B vs malnutrisyon, patuloy

Lumagda sa isang memorandum of agreement si Quezon City Mayor Joy Belmonte sa pagitan ng Jollibee Group Foundation (JGF) at MEALenium Project para sa pagsasagawa ng Busog, Lusog, Talino (BLT) Kitchen sa Lupang Pangako Elementary School sa Payatas, Quezon City.

Ang hakbang ay bahagi ng patuloy na kampanya ni Belmonte na labanan ang malnutrisyon na una nang sinimulan noong 2016 noong bise alkalde pa ng QC nang gawing isang modern kitchen ang bahagi ng canteen ng naturang paaralan.

Ang naturang programa ay sinimulan sa 958 mag-aaral bilang benepisyaryo nito at 943 school childen sa sumunod na school-year.

***-Angie dela Cruz-***